DOKUMENTO NG BUOD NG TALAKAYAN

# Pambatas na tugon sa makabagong pang-aalipin at pagsasamantala sa manggagawa

*Tungo sa kalayaan, pagkamakatarungan at dignidad sa mga operasyon at linya ng suplay*

## 1

### Nais naming tiyakin na tatratuhin ang mga tao nang patas at may dignidad...

Bilang mga taga New Zealand, nais naming malaman na ang aming mga aksyon ay umaambag sa isang patas na mundo kung saan ang mga tao ay tinatrato nang may paggalang at dignidad.

Ang makabagong pang-aalipin at pagsasamantala sa manggagawa ay hindi tinatanggap dito o sa ibang bansa. Gayunpaman, tinatantiya ng International Labour Organization na may 40 milyong biktima ng makabagong pang-aalipin sa mundo, habang sa New Zealand naman ay may natukoy na maraming kaso ng pagsasamantala sa kalilipas lamang na mga taon.

## 2

### Ang makabagong pang-aalipin at pagsasamantala sa manggagawa, mangyari man ito dito o sa ibang bansa, ay aapekto nang negatibo sa ating lahat...

Ang mga biktima at nakaligtas sa makabagong pang-aalipin at pagsasamantala sa manggagawa ay maaaring magkaroon ng matinding pisikal at pandamdaming pinsala na maaaring panghabambuhay.

Ang paggamit ng makabagong pang-aalipin at pagsasamantala sa manggagawa sa mga linya ng suplay ay lilikha rin ng kapaligirang batay sa di-patas na kumpetisyon, kung saan magagamit ang mga gawing mapansamantala upang sumulong. Bagaman maraming mga taga-New Zealand ang nagnanais bumili mula sa mga responsableng negosyo at sumuporta sa mga responsableng organisasyon, hindi laging madaling malaman kung aling mga organisasyon ang nagpapairal ng epektibong mga hakbang. Marami ang nagsasabing maayos ang kanilang mga kagawian, ngunit ang karamihan ng mga tao ay walang paraan upang mapatunayan ang mga sinasabing iyon.

Te Kāwanatanga o Aotearoa
New Zealand Government

Humihiling kami ng iyong komento tungkol sa mga panukala upang tumugon sa pandaigdigang makabagong pang-aalipin at sa New Zealand, at pagsasamantala sa manggagawa sa New Zealand, sa lahat ng mga operasyon at linya ng suplay.

### Ano ang ibig sabihin nito para sa akin?

Ang aming iminumungkahing paraan ay magharap ng batas na batay sa pagsisiwalat at makatwirang pag-iingat, na susuportahan ng mga patnubay at kagamitan upang mapabuti ang mga kagawian. Sa pangkalahatan, ang mga panukala ay batay sa United Nations Guiding Principles on Business and Human Rights (Gumagabay na mga Prinsipyo sa Negosyo at mga Karapatang Pantao ng United Nations), at ibinatay sa batas na naiharap na sa ibang bansa kabilang ang ilan sa ating mga pinakamalaking partner sa kalakalan.

Nagmumungkahi kami ng bagong mga responsibilidad para sa lahat ng mga organisasyon. Kabilang dito ang ilang mga kumpanya, sole trader, sosyohan, sektor ng mga organisasyon sa estado, mga organisasyong pangkawanggagawa, trust, samahang inkorporada at Māori trust at inkorporasyon. Ang mga indibidwal na konsyumer ay hindi direktang pangangasiwaan. Gayunpaman, sila ay may mahalagang tungkulin sa pagtiyak ng kabuuang bisa ng batas at hihikayating gumawa ng may-kaalamang mga pagpapasya tungkol sa makabagong pang-aalipin, bilang bahagi ng kanilang pangkonsumong mga pagpapasya.

Ang mga organisasyong may mas mataas na kinikita ay magkakaroon ng mas maraming responsibilidad, gaya sa sumusunod:

| RESPONSIBILIDAD | *LAKI NG KINIKITA NG ORGANISASYON* Maliit <$20m | Katamtaman $20-50m | Malaki >$50m |
|---|---|---|---|
| 1. Gumawa ng aksyong makatwiran at kabagay kung malaman nila na mayroong: • makabagong pang-aalipin sa kanilang mga **internasyonal** na operasyon at linya ng suplay, o • makabagong pang-aalipin o pagsasamantala sa manggagawa sa kanilang mga **domestikong** operasyon at linya ng suplay. | ✓ | ✓ | ✓ |
| 2. Magsagawa ng makatwirang pag-iingat upang hadlangan, bawasan at remedyuhan ang makabagong pang-aalipin at pagsasamantala sa manggagawa ng mga organisasyon sa **New Zealand kung saan sila ang puno o tagahawak na kumpanya o may mahalagang pangkontratang kontrol.** | ✓ | ✓ | ✓ |
| 3. Pagsisiwalat ng ginagawa nilang mga hakbang upang harapin ang: • makabagong pang-aalipin sa kanilang **internasyonal** na mga operasyon at linya ng suplay, at • makabagong pang-aalipin at pagsasamantala sa manggagawa sa kanilang **domestikong** mga operasyon at linya ng suplay. | | ✓ | ✓ |
| 4. Magsagawa ng makatwirang pag-iingat upang hadlangan, bawasan at remedyuhan ang makabagong pang-aalipin sa kanilang **internasyonal** na mga operasyon at linya ng suplay, at ang makabagong pang-aalipin at pagsasamantala sa kanilang **domestikong** mga operasyon at linya ng suplay. | | | ✓ |

Dinisenyo ang mga panukalang ito upang magkaroon ng malawakang epekto, kabilang na ang:

- Magkakaroon ng tiwala ang mga konsyumer na ang binibili nilang mga kalakal at serbisyo ay ginagawa nang walang pagsasamantala.
- Maaaring magpatakbo ang mga negosyo sa mas patas na larangan, kung saan hindi makokompromiso ng pagtitipid ang mga pamantayan para sa mga manggagawa. Patatatagin din ng batas ang internasyonal na tatak ng New Zealand at gagawing mas madali ang patuloy na pangangalakal sa mundo ng ating mga negosyo.
- Ang mga biktima at nakaligtas sa pagsasamantala ay tatratuhin nang patas, may dignidad at paggalang.

### Anong makatwirang pag-iingat ang kailangan kong gawin?

May malawak na hanay ng mga hakbang na maaaring maipatupad upang hadlangan at bawasan ang anumang natukoy na mga panganib. Ang angkop na aksyon ay magdedepende sa mga sirkumstansya ngunit maaaring kabilang ang, halimbawa:

- regular na pag-survey ng mga tagasuplay upang tasahin ang kakayahang magprotekta ng mga karapatang pantao at mga pamantayan ng pagtatrabaho
- Pag-komisyon ng ikatlong partido upang gawan ng audit ang pagsunod ng mga tagasuplay sa mga pamantayan ng mga karapatang pantao at pagtatrabaho
- pagtatatag ng mga mekanismo sa operasyon o linya ng suplay ng isang organisasyon para ang mga tao ay direktang makapag-ulat sa organisasyong iyon ng mga alalahanin
- pagtuturo tungkol sa nauugnay na mga karapatan at obligasyon sa mga tagasuplay, at manggagawa sa kanilang mga linya ng suplay.

### Tungkol saan ang pagkonsulta ninyong ito?

Ang mga panukalang ito ay aapekto sa lahat sa New Zealand. Humihiling kami ng komento mula sa lahat ng interesadong partido (stakeholders) tungkol sa:

1. Sa palagay mo ba ay kailangan ng New Zealand na harapin ang makabagong pang-aalipin at pagsasamantala sa manggagawa sa mga linya ng suplay at, kung kailangan nga, paano natin dapat gawin ito?
2. Paano ito aapekto sa iyo?

**Alamin ang higit pa sa:** mbie.govt.nz/modern-slavery